

ISSN 2782-9391

# MSU – SULU
# KISSA JOURNAL

**_Volume 2_** **_Number 2_** **_August-December 2021_**


| | |
|---|---|
| ***Hannbal H. Bara*** | Enduring *Bawgbug* of the Founding Fathers of the Sultanate of Sulu |
| ***Grace J. Akalal*** | Municipal Administration: Talipao Best Practices |
| ***Kadafi A. Basaluddin*** | Administrative Capability of the Barangay Governments in Jolo |
| ***Fermina O. Anuddin*** | Effective Recruitment Process of Faculty Members of MSU-Sulu: A Key to Quality Education |
| ***Femalyn A. Amirul*** | *Tawhid* Framework for Curriculum Development: Sulu Education |
| ***Ajid M. Sari*** | Integration of Biological Teaching of Islam in the University |
| ***Abubakar J. Radjuni*** | Glocalization in Education: New Roles of the Teacher Education |
| ***Ronnie H. Sammah*** | Correlation Between Mathematics Grade and General Rating in MSU-System Admission and Scholarship Examination |
| ***Adamel K. Lukman*** | Practices and Challenges of Outcomes Based Education (OBE) in Social Science Instruction of Junior High School Students in Jolo, Sulu |
| ***Abdulhan N. Jannaral*** | English Language Learning Strategies and their Effectiveness: An Assessment |
| ***Jeckson M. Yusop*** | Seagrasses Biodiversity: Its Ecological Roles and Socio-Economic Relevance |
| ***Wilma A. Lakkian*** | Ang Bisa ng Kolaboratib – Kooperatib na Estratehiya sa Pagkatuto ng Filipino ng mga Mag–aaral sa Unang Taon sa Kolehiyo ng MSU-Sulu at Sulu State College |
| ***Rosalinda B. Wadja*** | Kalipunan ng mga Salitang Tausug na may Kahulugan sa Wikang Filipino sa Bayan ng Jolo |

**ANG BISA NG KOLABORATIB – KOOPERATIB NA ESTRATEHIYA SA PAGKATUTO NG FILIPINO NG MGA MAG–AARAL SA UNANG TAON SA KOLEHIYO NG MINDANAO STATE UNIVERSITY-SULU AT SULU STATE COLLEGE**

*Ni Wilma A. Lakkian*

## I. INTRODUKSYON

Ang patuloy na pagtuklas ng makabago at epektibong pamamaraan ng pagturo ang siyang tanging susi ng pag-angat ng kalidad ng edukasyon, partikular sa lalawigan ng Sulu. Kung ating isasaalang-alang ang kalagayang sosyal, ispirituwal, politikal at pinansyal ng mga mag-aaral, ang minimithing kaunlaran sa larangan ng edukasyon ay isang malaking hamon na susubok sa kakayahan at tatag ng ating mga guro at tagapamahala ng mga paaralan. Ang kawalan ng interes, motibasyon, kakulangan ng mga kagamitan sa pag-aaral dala ng kahirapan ng mga mag-aaral ay dagdag balakid na lalong napapatindi sa bigat ng hamon na ating kakaharapin.

Ipinapahayag sa papel na ito na kalakip sa matagumpay na adhikain ng edukasyon ay ang paggamit ng mga inobatibong estratehiya na naglalayong makahikayat sa motibasyon ng mga mag-aaral tungo sa mabisang pagkatuto ng mga aralin. Bukod dito, susuriin ng pag-aaral na ito ang kaangkupan ng estratetihiya sa iba't ibang katangian ng mga mag-aaral ayon sa kanilang profayl na magpapatunay sa kabisaan ng pamamaraan.

Metodong *Descriptive-Exploratory* ang ginamit na disenyo. *Purposive sampling technique, survey questionnaire* at *statistical analysis* para sa instrumento ng pananaliksik.

## II. MGA DEMOGRAPIKONG KATANGIAN NG MGA MAG-AARAL SA PAGSUKAT NG BISA NG ESTRATEHIYANG KOLABORATIB – KOOPERATIB

Bawat mag-aaral ay nagtataglay ng ibat-ibang antas ng kakayahan ayon sa kanilang abilidad pang- mental, emosyonal, sosyal, ispirituwal at pisikal na tuwirang makatutulong sa paghubog ng kanilang pagkatao. Ang Mindanao State University-Sulu (MSU-Sulu) at Sulu State College (SSC) ang kalahok ng pag-aaral. Matutunghayan sa teybol 1 ang resulta ng pananaliksik kaugnay sa demograpiko ng respondante.

**Teybol 1**
**Talahanayan Hinggil sa Profayl ng Respondante ayon sa Paaralan, Kasarian, Edad, at Kurso**

| **Paaralan** | **Frequency** | **Percent** | MSU – Sulu |
|---|---|---|---|
| 75 | 50.0 | | |
| SSC | 75 | 50.0 | |
| Total | 150 | 100.0 | |
| **Kasarian** | | | |
| Babae | 67 | 44.7 | |
| Lalake | 83 | 55.3 | |
| Total | 150 | 100.0 | |
| **Edad** | | | |
| 14- 15 taong gulang | 14 | 9.3 | |
| 16- 17 taong gulang | 61 | 40.7 | |

| | | |
|---|---|---|
| 18 taong gulang pataas | 75 | 50.0 |
| Total | 150 | 100.0 |
| **Kurso** | | |
| BEED | 41 | 27.3 |
| BSA | 16 | 10.7 |
| BSBA | 31 | 20.7 |
| BSIT | 8 | 5.3 |
| BSCOMSC | 21 | 14.0 |
| CPA | 4 | 2.7 |
| Total | 150 | 100.0 |

Mga mag-aaral mula sa unang taon sa kolehiyo ang respondante na binubuo ng pitumput-lima (75) mula sa MSU-Sulu at 75 din sa SSC na may kabuuang bilang na 150. Nauri sa apat na profayl ang demograpiko ng mga respondante ayon sa kanilang: 1. Paaralan (MSU-Sulu at SSC), 2. Kasarian (lalaki at babae), 3. Edad (14 taong gulang hanggang 18 pataas), 3. Kurso (Bachelor of Arts/College of Arts and Sciences (AB/CAS), Bachelor of Elementary Education (BEED), Bachelor of Secondary Education (BSE), Bachelor of Science in Fisheries (BSF), Bachelor of Science in Information Technology (BSIT), Bachelor of Arts in Agriculture (BSA), Bachelor of Business Administration (BSBA), Bachelor of Nursing (BSN), Bachelor of Computer Science (BSCOMSCI) at College of Public Affairs (CPA). Makikita sa Teybol 1 ang na kompyut na datos batay sa demograpikong profayl ng respondante na binubuo ng paaralan, kasarian, edad at kurso. Batay sa resulta ng teybol 1, makikita ang kabuuang bilang ng babae ay (67) na may 44. 7 porsyento mula sa dalawang paaralan at (83) naman ang kabuuang bilang ng lalaki na may 55.3 porsyento. Ayon sa kasarian, mas lamang ang lalaki kaysa babae. Karamihan sa kanila (75) 50.0 porsyento ay nasa edad 18 taong gulang pataas at ang pinaka maliit na bilang ay (14) 9.3 porsyento na may edad na 14-15 taong gulang. Sa tatlong katergorya ay (61) 40.7 porsyento na may edad na 16-17 taong gulang.

Ayon sa kurso ng mag-aaral malinaw na pinakamataas ang porsyento ng kursong BEED (41) 27.3 pangalawa ang BSBA (31) 20.7 porsyento pangatlo ang AB/ CAS na may (29) 19.3 porsyento, mula sa BSCOMSCI (21) 14.0 porsyento, sa BSA ay may (16) 10.7 porsyento, BSIT (8) 5.3 porsyento at ang pinakamababa ang kursong CPA na may (4) 2.7 porsyento. Sadyang umakma ang napiling paksa sa resulta ng profayl batay sa kurso kung saan ang pinakamataas na porsyento ng respondante ay nagmumula sa BEED.

## III. MGA ASPETO NG ESTRATEHIYANG KOLABORATIB-KOOPERATIB SA PAGLINANG NG MOTIBASYON SA PAGKATUTO NG FILIPINO NG MGA MAG-AARAL BATAY SA PAGSUSULIT, PRAJEK AT AWRAL – REPORT

Ang kolaborasyon ay isang pilosopiya ng interaksyon at personal na estilo ng pamumuhay; samantala ang kooperasyon ay isang istruktura ng interaksyon na disenyo upang mapasiliteyt ang pagsasakatuparan ng isang pangwakas na produkto o layunin (Panitis, 1996: 25).

Sa teybol 2 (a,b,c) matutunghayan ang makabuluhang aspeto ng kolaboratib-kooperatib na estratehiya sa paglinang ng motibasyon ng pagkatuto ng Filipino ng mga mag-aaral batay sa Pagsusulit, Prajek at Awral – Report.

**Teybol 2a**
**Talahanayan Hinggil sa Aspeto ng Kolaboratib – Kooperatib na Estratihiya Batay sa Pagsusulit**

| Pagsusulit | x~ | SD | Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| 1. Makasasagot sa katanungan batay sa nalikom na opinyon mula sa klase | 4.09 | 1.025 | ME |
| 2. Mapalalawak ang ideya sa pagbuo ng makabuluhang solusyon | 4.39 | .731 | ME |
| 3. Madedevelop ang kaalamang panggramatika kapag bukas ang isipan na makahalubilo sa klase | 4.43 | .823 | ME |
| 4. Madaling maintindihan ang anumang uri ng pagsusulit kapag maamo ang daloy ng pakikitungo ng guro at mag-aaral | 4.57 | .617 | E |
| 5. Mahahasa ang kakayahang pang-komunikatibo sa makrong kasa-nayang pangwika | 4.20 | 1.017 | ME |
| Pangkalahatang Mean at Standard | 4.34 | .843 | ME |

Interpretasyon sa Rating Interval na ginamit:
4. 50 – 5.00 – Epektibo (E)
3. 50 – 4. 49 – Medyo Epektibo (ME)
2. 50 – 3. 49 – Di Alam (DA)
1. 50 – 2. 49 – Medyo Di Epektibo (MDE)
1. 00 – 1. 49 – Di Epektibo (DE)

Ipinakita sa Teybol 2a ang ikaapat na pahayag sa aspetong pagsusulit ay epektibo na may mean 4.57 (x~) at standard deviation .617 (SD) patunay na ang mga mag-aaral ng Mindanao State University-Sulu at Sulu State College, madali nilang maintindihan ang anumang uri ng pagsusulit kapag maamo ang daloy ng komunukasyon sa pagitan ng guro at estudyante. Ang ibang deskripsyon tulad sa unang bilang, *"Makasasagot sa katanungan batay sa nalikom na opinyon mula sa ibang kaklase"* ay may x~ at SD (4.09, 1.025); pangalawa, *"Mapalalawak ang ideya sa pagbuo ng makabuluhang solusyon"* ay may x~ at SD (4.39,.731); pangatlo, *"Madedevelop ang kaalamang panggramatika kapag bukas ang isipan na makahalubilo sa klase"* ay may x~ at SD (4.43, .823); panglima, *"Mahahasa ang kakayahang pang-komunikatibo sa makrong kasanayang pangwika"* na may x~ at SD (4.20, 1.017). Ang mean at standard deviation ng mga nakatalang paglalahad na ito ay nasa angkop ng mean intervals (3.50 – 4.49) na may interpretasyon na Medyo Epektibo (ME). Samakatuwid, lumalabas na ang

kabuuang mean at standard deviation (4.34, .843) ay may katumbas na kahulugan na Medyo Epektibo para sa una, pangalawa, pangatlo at panglimang deskripsyon. Maliban sa ika-apat na bilang na may pahayag na *"Madaling maintindihan ang anumang uri ng pagsusulit kapag matiwasay ang daloy ng pakikitungo ng guro at mag-aaral"* na lumabas na epektibo.

**Teybol 2b**
**Talahanayan Hinggil sa Aspeto ng Kolaboratib – Kooperatib na Estratehiya Batay sa Prajek**

| Prajek | Mean | SD | Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| 1. Masisiyahan ang mag –aaral na gumuwa ng proyekto kapag may pagkakaisa at pagtutu-lungan ang bawat grupo | 4.59 | .787 | E |
| 2. Ang estratehiyang ito ay maka-tutulong sa paghubog ng isipan upang maging malikhain | 4.35 | .811 | ME |
| 3. Makakaengganyo ang prosesong ito sa paglikha ng "camaraderie" o ugnayang sosyal sa bawat isa | 4.21 | .771 | ME |
| 4. Mabibigyan ng pagkakataon na bumuo ng sariling desisyon | 4.21 | .945 | ME |
| 5. Mapananatili ang maaliwalas at makabuluhang interaksyon | 4.02 | .973 | ME |
| Pangkalahatang Mean at Standard Deviation | 4.28 | .857 | ME |

Interpretasyon sa Rating Intervals na Ginamit:
4.50 – 5.00 – Epektibo (E)
3.50 – 4.49 – Medyo Epektibo (ME)
2.50 – 3.49 – Di Alam (DA)
1.50 – 2.49 – Medyo Di Epektibo (MDE)
1.00 – 1.49 – Di Epektibo (DE)

Sa unang bilang ng tanong sa pahayag, "*Masisiyahan ang mag- aaral na gumawa ng proyekto kapag may pagkakaisa at pagtutulungan ang bawat grupo"* ay may x~ at SD (4.59, .787) binigyang kahulugan na Epektibo. Ang ibang pahayag tulad ng pangalawang bilang, *"Ang estratehiyang ito, ay makatutulong sa paghubog ng isipan upang maging malikhain"* ay may x~ at SD (4.35, .811); pangatlo, *"Makakaengganyo ang prosesong ito sa paglikha ng "camaraderie" o ugnayang sosyal ng bawat isa"* ay may x~ at SD (4.21, .711); pang-apat, *"Mabibigyan ng pagkakataon na bumuo ng sariling desisyon"* ay may x~ at SD (4.21. 945); panglima, *"Mapapanatili ang maaliwalas at makabuluhang interaksyon"* may x~ at SD (4.28, .857) na Medyo Epektibo. Sa kabuuang pagsusuri, ang apat na tanong bilang 2,3,4 at 5 ay may katumbas na medyo

epektibo. Ito ay nagpapatunay lamang na ang kolaboratib-kooperatib na estratehiya ay nakatutulong sa paghubog ng isipan, nakakaengganyo, nakabubuo ng sariling desisyon at nakapapanatili ng interaksyon sa bawat mag-aaral. Lalong pinatunayan ito kung saan may lumabas na rating na epektibo ang katanungan bilang 1, *"Masisiyahan ang mag-aaral na gumawa ng proyekto kapag may pagkakaisa at pagtutulungan ang bawat grupo."*

Batay sa nabanggit na pahayag, kapansin-pansin na ang bagong sistema ng mga klase sa Filipino ay unti-unti nang nakakamit sapagkat naging demokratik na ang daloy ng proseso ng pagtuturo - pagkatuto, partisipatib at kooperatib na rin dahil aktib nang nakikilahok ang mga mag-aaral sa proseso.

Sa Teybol 2c matutunghayan ang resulta ng pag-aaral kaugnay sa Awral-Report.

**Teybol 2c**

**Talahanayan Hinggil sa Aspeto ng Kolaboratib-Kooperatib na Estratehiya Batay sa Awral-Report**

| Awral- Report | x~ | SD | Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| 1. Humahamon sa mga mag-aaral upang mag-isip nang kritikal | 4.15 | 1.026 | ME |
| 2. Mababawasan ang pagka-mahiyain sa klase | 4.36 | .744 | ME |
| 3. Maengganyong magpartisi-peyt sa gawaing pangklasrum | 4.36 | .762 | ME |
| 4. Matutong makibagay sa Ibang kaklase | 4.57 | .838 | E |
| 5. Madedevelop ang tiwala sa sarili | 4.54 | .738 | E |
| Pangkalahatang Mean at Standard Deviation | 4.40 | .822 | ME |

Interpretasyon sa Rating Intervals na ginamit:

4.30 – 5.00 – Epektibo (E)
3.50 – 4.49 – Medyo Epektibo (ME)
2.50 – 3.49 – Di – Alam (DA)
1.50 – 2.49 – Medyo Di Epektibo (MDE)
1.00 – 1.49 – Di Epektibo (DE)

Matibay na indikasyon sa teybol na ito na lumilinang ng ugnayang sosyal ng mag-aaral ang naturang estratehiya. Sa ikaapat na pahayag, ang x~ at SD (4.57,.838) at ikalimang pahayag na may x~ at SD (5.54,.738) ay lumabas na Epektibo. Sinundan ng resultang Medyo Epektibo naman para sa pahayag bilang 1, 2 at 3.

Ang mga guro sa wika ng MSU-Sulu at SSC ay patuloy na tumutuklas ng makabagong pamamaraan upang maiangkop nito ang pinapairal na mithiin at adhikain ng pamantasan at bilang pagsunod sa sistema ng edukasyon sa bansa.

Batay sa resulta, makikita sa talahanayan na dalawa ang lumabas na *epektibo* ang kolaboratib- kooperatib na estratehiya na makikita sa bilang 4 at 5 na nagsasabing nakapagpadevelop ng tiwala sa sarili ang pangkatang gawain at natututo silang makibagay sa mga kaklase. Ang dating mahiyain ay naging masigla at nagpapakita ng partisipasyon sa klasrum. Nahahamon na rin ang kanilang kritikal na pag-iisip upang lalong lumahok sa anumang gawain sa klase. Patunay lamang na malaking tulong ang estratehiyang ito kung papaano mababago ang pag-uugali at pakikisama sa kapwa mag-aaral sa loob at labas ng klase. Sinuportahan ito ni (Hiemstra, 1991:32), kapag ang mga mag-aaral ay may maibabahaging yaman at iba't ibang karanasan at pananaw, humahantong ito sa higit na pag-uunawaan kaysa sa kung ito ay nagmula at prinoseso lamang batay sa karanasan at pananaw ng indibidwal na mag-aaral. Maaaring hindi man gaanong katalinuhan sa klase, naipapakita pa rin nila ang likas na makatao, pag-uunawaan at suporta sa kapwa. Bukod dito, nadedevelop ang kanilang tiwala sa sarili, na magsisilbing sandata upang patuloy na makikibaka sa hamon ng buhay. Para naman sa resulta ng pahayag bilang 1, 2 at 3 ito ay may katumbas lamang na *medyo epektibo*. May pagkakataon na napipilitan ang mga mag- aaral na lumahok sa gawaing pangklasrum sapagkat wala na silang ibang *choice* kundi pagbigyan ang kahilingan ng guro (pahayag 1). Ganun din sa pahayag 2, hindi tuluyang magagapi ang pagiging mahiyain sapagkat likas talaga ito sa tao lalong – lalo na sa sobrang mahinhin at walang lakas ng loob na sumali sa gawaing pangklasrum na may katumbas na resultang *medyo epektibo* lamang batay sa nabanggit na estratehiya. Sa pahayag 3, *medyo epektibo* din ang resulta sapagkat hindi lahat ng mag- aaral ay may interes sa gawaing pangklasrum. Marami sa kanila ay natatakot na magsalita o lumahok sa awral report. Maaaring nahihiya sila, natatakot kung mali ang isasagot at sadyang kulang lang talaga ang tiwala sa sarili.

**Teybol 2d**
**Talahanayan Hinggil sa Kabuuan ng Aspeto ng Kolaboratib- Kooperatib na Estratehiya Batay sa**
**Pagsusulit, Prajek, at Awral – Report**

| Batayan ng Pagkakaiba | x~ | SD | Deskpripsyon |
|---|---|---|---|
| 1. Pagsusulit | 4.34 | .843 | ME |
| 2. Prajek | 4.28 | .857 | ME |
| 3. Awral- Report | 4.40 | .822 | ME |
| Pangkalahatang Mean at Standard Deviation | 4.40 | .822 | ME |

~~Inilahad sa Teybol 2d ang kabuuang kompyuta~~syon ng mean at standard deviation sa tatlong aspeto ng kolaboratib – kooperatib na estratehiya batay sa pagsusulit, prajek at awral – report bilang basehan ng pagtutuos sa bisa ng naturang pamamaraan tungo sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Batay sa resulta, sa aspetong pagsusulit ito ay may kabuuang mean na 4.34 at ang standard deviation ay may .843 na may deskripyon na medyo epektibo. Ang kabuuang mean ng prajek ay 4.28 at may standard deviation na .857 na may deskripsyon na

medyo epektibo din. Sa aspetong Awral – Report ay may mean na 4.40 at standard deviation na .822 na parehong medyo epektibo. Sa kabuuan makikita sa tatlong aspeto ng estratehiyang kolaboratib – kooperatib ito ay napabilang sa pangkalatahang deskripsyon na *MEDYO EPEKTIBO*.

Batay sa kabuuang pagsusuri sa opinyon at sagot ng mga respondante, ang naturang estratehiya ay nakakalinang din ng motibasyon ng mag-aaral kahit ang kabuuang deskripsyon nito ay *medyo epektibo lamang*. Subalit hindi ito nangangahulugan na hindi epektibo. Kinakailangan lamang pag- ibayuhin ng mga kaguruhan ang pagpapa-unlad ng mga estratehiyang gagamitin upang tuloy-tuloy na mapabuti ang sistema ng pagtuturo- pagkatuto ng mga mag-aaral. Bukod dito, sikapin din na makuha ang loob at interes ng mga mag-aaral na magpartisipeyt sa anumang gawaing pangklasrum upang lalong madebelop ang kanilang kritikal na pag-iisip, matutong makisama at makahalubilo sa kapwa at higit sa lahat tumaas ang tiwala sa sarili.

Ayon sa dagdag na opinyon ng mga respondante mula sa MSU-Sulu at SSC bilang sakop ng pag-aaral, may mga guro na gumagamit ng makabagong pamamaraan at pananaw sa pagtuturo lalong-lalo na kung nakapagtapos ito sa siyudad o nakapag-aral sa isang prestihiyong paaralan kung saan mataas ang antas ng kalidad o standard ng pamamahala. Sa ganitong sistema, napipilitan silang sumunod sa patakaran ng guro alang-alang sa kanilang grado.

## IV. MAKABULUHANG PAGKAKAIBA NG KOLABORATIB - KOOPERATIB NA ESTRATEHIYA SA MABISANG PAG-KATUTO NG FILIPINO NG MGA MAG-AARAL KAPAG PINANGKAT BATAY SA KANILANG DEMOGRAPIKONG PROFAYL AYON SA KASARIAN AT PAARALAN

**Teybol 3**
**t-Test para sa Makabuluhang Pagkakaiba ayon sa Kasarian at Paaralan**

| Batayan ng Pagkakaiba | T | Sig. (2- Tailed) | Mean Difference | Ho Decision |
|---|---|---|---|---|
| Kasarian | .789 | .437 | .05733 | Accepted |
| Paaralan | - 2.334 | .027 | - .1853 | Rejected |

t-Test ang ginamit para sa panukat ng dalawang magkaibang varyabol. Batay sa dalawang grupo ng varyabol, ang kasarian ang unang varyabol at ang paaralan ang pangalawang varyabol. Lumabas sa resulta ang t-Test (.789 at – 2.334) ayon sa kasarian at paaralan ay may significant level (2- tailed) (.437 at .027) ang isa ay lumabis at ang isa ay di umabot sa .05. Ang sig. (2-tailed) sumobra sa .05 na nangangahulugan ang mga datos ay nagsasaad na ang hipotesis ay accepted o tinanggap at doon naman sa sig. (2-Tailed) di umabot sa .05 nangangahulugan na ang hipotesis ay rejected.

Ang hipotesis na “Walang makabuluhang pagkakaiba ang kolaboratib-kooperatib na estratehiya sa mabisang pagkatuto ng Filipino ng mga mag-aaral kapag sila ay pinangkat sa kanilang demograpikong profayl batay sa kasarian at

paaralan," lumabas na accepted batay sa kasarian at rejected naman sa paaralan. Ibig sabihin ang respondanteng mga babae at lalaki ay hindi magkaiba ang kanilang pananaw at kaalaman tungkol sa pag-aaral na ito na may resultang medyo epektibo. Gayun pa man ang mga respondante mula sa MSU-Sulu at SSC ay magkaiba ang kanilang opinyon at pananaw sa naturang pananaliksik. Nangangahulugan lamang na dapat bigyan pa ng diin ang paggamit ng naturang estratehiya sa pagtuturo upang lalong matulungan ang mga mag-aaral na makamit ang makabuluhang pagkatuto.

## V. KONKLUSYON

Ang pagtuklas at paggamit ng modernong pamamaraan sa pagtuturo tulad ng Kolaboratib-Kooperatib na estratehiya ay makatutulong sa mga mag-aaral upang madevelop nang lubusan ang kanilang pang-akademikong kakayahan, ugnayang sosyal at paghubog sa personal na kabuuan sa pangkalahatan.

Sa parte ng guro, malaking reward ito na makita ang bunga ng kanyang pagsusumikap kung maganda ang kinahinatnan ng kanyang tinuturuan.

Pinatunayan ng mga nakasaad na datos na *Epektibo* ang naturang estratehiya sa mga mga mag-aaral sa unang taon sa kolehiyo ng MSU-Sulu at SSC sa mga pahayag na; nadedevelop ang tiwala sa sarili; natutong makibagay sa ibang kaklase; nasisiyahan sa paggawa ng proyekto kapag nagkakaisa at nagtutulungan; at madaling maintindihan ang aralin dahil sa maganda ang ugnayan ng guro at mag-aaral. Medyo Epektibo naman ayon sa pahayag na; naeengganyong magpartisipeyt sa gawaing pangklasrum; nababawasan ang pagiging mahiyain; nahahamon ang kritikal na pag-iisip; nakakainterak sa grupo; nabibigyan ng pagkakataon na bumuo ng desisiyon; at nahahasa ang kakayahang pangkomu-nikatibo.

Sa pangkalahatan, *Medyo Epektibo* batay sa pagsusulit, prajek, at awral-report. Batay sa kasarian walang pagkakaiba, ibig sabihin pareho lamang ang kanilang pananaw hinggil sa kabisaan ng estratehiya. Subalit may pagkakaiba sa dalawang paaralan, patunay na may kanya-kanyang paraan o estilo ang guro sa paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo.

Sa pagkamit ng matagumpay na kaparaanan sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto, marapat lamang na masikap ang mga guro sa pagdukal ng kaalaman kaugnay sa kanyang tungkulin. Kailangan din ang buong suporta ng administrasyon sa pagtataguyod ng kongkretong layunin.

### MGA REFERENSYA

Acero, Victoria O. et. al. (2000). Principle and Strategy of Teaching. Quezon City: Rex Printing Company, Inc.

Angeles, Cristina I. (2011). Pagbasa at Pagsulat sa Pananaliksik. Malabon City. Mutya Publishing House, Inc.

Badayos, Paquito B. (2008). Metodolohiya sa Pagtuturo ng Wika. Makati City: Grand Water Publication.

Belvez, Paz M. (1999). Ang Guro at ang Sining ng Pagtuturo. Quezon City: Rex Printing Company, Inc.

Bernales, Rolando A. et.at. (2008) Pagtuturo ng/sa Filipino: Mga Teorya at Praktika. Valenzuela City: Mutya Publishing House,

Inc.
Corpus, Brenda B. et.al. (2007). Principle of Teaching. Quezon City: Adriana Printing Co., Inc.

**DI- NALATHALANG TESIS**

Cabanlong, Araceli S. “Ang Bisa ng Paggamit ng KomikStrip sa Pagtuturo ng Panitikan sa Unang Taon sa Mataas na Paaralan” (di-nakalathala), Ateneo de Zamboanga City, 1987.